IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

# ANG Bisa Ng MGA Napapanahong Awiting Pambata sa Wikang Filipino Sa Pagtuturo Ng Filipino sa Elementarya

**Ycong, Rose Ann M., Serdan, Geraldine A.., Escultor, Gemma R.**

Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang masuri ang bisa ng mga awiting pambata sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Surigao. Tinatampok din sa pag-aaral na ito ang mga awiting pambata na karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa antas ng elementarya, pati na rin ang mga hamon at potensyal na benepisyo ng kanilang integrasyon sa kurikulum. Gamit ang disenyong qualitative-descriptive, kinapanayam ang labing-dalawang guro sa unang baitang mula sa iba't ibang paaralan sa Distrito ng Anao-aon, Bayan ng San Francisco, taong panuruan 2023-2024.*

*Lumabas sa pag-aaral na ang mga awiting pambata tulad ng Alpabetong Filipino, Paa Tuhod Balikat Ulo, at Tong Tong Tong at ibp ay karaniwang ginagamit sa mga klase at napatunayang epektibo sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapasigla ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino. Napatunayan din na ang paggamit ng mga awiting ito ay nagpapalakas ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wika at kultura. Ipinakita ng mga guro ang kanilang suporta sa paggamit ng mga awiting pambata bilang isang mabisang estratehiya sa pagtuturo, subalit nangangailangan pa rin ng karagdagang pagsasanay at suporta upang mapalakas ang paggamit ng mga ito sa edukasyon.*

*Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay maaaring magsilbing batayan para sa pagpapabuti ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino, partikular sa mas epektibong paggamit ng mga awiting pambata bilang isang estratehiya sa pagtuturo. Ang mga konklusyon at rekomendasyon na nakuha mula sa pag-aaral ay maaaring maging gabay para sa mga guro at mga tagapamahala ng paaralan sa pagbuo ng mas makabagong at angkop na mga kurikulum*

**Keywords:** Awiting Pambata, Pagpapalawak ng Kaalaman, Pagtuturo ng Filipino, Guro at Hamon, Kurikulum at Estratehiya

## KABANTA 1
## PANIMULA

Hindi na lingid sa ating kaalaman ang mga isyung kinakaharap ng ating bansa, partikular sa edukasyon. Isa sa mga pangunahing alalahanin sa sektor ng edukasyon ng karamihan sa mga bansa ngayon ay ang mahirap na pagganap ng mag-aaral sa paaralan. Ayon sa isang artikulo mula sa GMA News Online, base sa 2013 Functional Literacy Education and Mass Media Survey or FLEMMS, 90.3% o 9 sa 10 Pilipino edad 10 hanggang 64, ang functionally literate o marunong magbasa, magsulat, at magbilang. Sa kabila nito, ayon sa World Bank noong 2018 ay mababa ang kalidad ng pagkatuto ng mga batang Pilipino tulad din sa ilang bansa.

Sa artikulong isinulat ni Ordoña (2022), noong 2018 ng *Programme for International Student Assessment* (PISA), nasa huling ranggo sa pagbasa mula sa pitumpu't siyam (79) na bansa ang mga Pilipino na nasa edad labinlimang (15) taong gulang. Ayon kay Daza (2021) marami ngayon sa mga kabataan ang hindi na maalam sa paggamit ng wastong salita sa pakikipag-usap sa pormal na talakayan. Kung minsan ay nagiging syukoy na ang kanilang pagpapahayag dahil nahahaluan na ng salitang banyaga ang kanilang impormasyon na ipinapahayag. Kinakailangan ito ng guro ang wika sa ibat-ibang kaparaanan na magkaroon ng mataas na antas ng pagkatuto ang mga mag-aaral.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang mga guro ay may malaking papel sa paglilinang ng kaisipan ng mga kabataan. Anupa't kinakailangan din na ang guro ay malikhain sa paggawa ng mga ibat't ibang kagamitan sa pagtuturo at paglikha ng mga pagbabago o inobasyon (Garcia, 2020).

Mayroong ilang mga diskarte sa pagtuturo kung saan ang isang guro ay maaaring positibong makaapekto sa pagiging produktibo, pag-uugali, at pagganyak ng mga mag-aaral. Isa sa mga partikular na istratehiya na ngayon ay karaniwang ginagamit upang madagdagan at mapahusay ang pagkatuto ng mag-aaral ay ang paggamit ng mga awitin. Ayon kay Ajibade at Ndububa (2008) at Ratnasari (2007), ang pakikinig at pag-awit ay may positibong epekto sa pagganyak ng mga mag-aaral at isang mayamang mapagkukunan ng kaalaman. Dahil ang mga kanta ay lumilikha ng mas interactive at nakakarelaks na kapaligiran (Vosniadou, 2000).

Bilang karagdagan, ang paggamit ng mga awitin ay hindi lamang gumaganap ng isang mahalagang papel sa pag-aaral ng ibang wika (Defaz, 2011), ngunit pinapataas din ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng ibang wika (Rosová, 2007). Ayon kay Brewer na binanggit sa artikulo ni Gazang et.al (2019) makatulong din ang musika na maalaala ng mga mag-aaral ang mga impormasyon at karanasang pangkaalaman para maging kasiya-siya at kapanapanabik ang proseso ng pagkatuto. Malaki ang impluwensya ng musika sa mga mag-aaral kaya magagamit ng guro ang musika bilang motibasyon sa paglinang ng kanilang komprehensyon.

Dahil dito, nais ng mananaliksik na alamin kung ano nga ba ang epekto ng mga awiting pambata na madalas ginagamit sa Surigao sa pagtaas ng kakayahan sa pagtuturo ng mga guro ng asignaturang Filipino sa elementarya.

**Suring-Basa ng mga Literatura**

Sa bahaging ito, layunin ng mananaliksik na maipakita sa pamamagitan ng ilang kaugnay na literatura ang iba't-ibang kaisipang magpapaunlad at magpapalawak sa kanyang sulatin.

**Estado ng Edukasyon sa Elementarya**

Ang edukasyon ay isa sa mga mahalagang aspeto ng pag-unlad ng isang bansa, at ang kalidad ng pagtuturo sa elementarya ay may malaking epekto sa paghubog ng mga kabataan. Isa sa mga paraan upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon ay ang paggamit ng mga kultura at wika ng mga lokal na komunidad upang magkaroon ng mas malalim na pang-unawa sa mga aralin.

Ayon sa *Philippine Analytic Support Services for Early Grade Reading (PhilEd Data II)* 2014, kahit karamihan sa mga paaralan ay may mga materyal sa pagtuturo sa katutubong wika o mother tongue, apatnapung (40) bahagdan ng mga mag-aaral sa klasrum ang walang materyal, at kalahati sa bilang ng mga guro ay walang teacher's guide, ang mga guro ay hindi rin regular na gumagamit ng mga teknik na magpapatibay sa pagbabasa sa Mother Tongue. Ipinakikita rin ng nasabing pag-aaral na mababa sa dalawampu't limang (25%) bahagdan ng oras ang ginugugol sa pagbabasa na isang pangunahing gawain ng mga mag-aaral sa klasrum sa Grade 1 at Grade 2. Ayon pa sa *PhilEd Data* (2014), hindi rin tumaas ang oras na ginugugol sa pagbabasa bagama't inaasahan na lalong maglalaan ng oras sa pagbabasa ang mga mag-aaral habang sila ay nagtatamo ng kasanayan sa pagbabasa. Teacher-centered ang nangingibabaw na paraan ng pagtuturo na maaaring maglimita sa mga mag-aaral ng oportunidad na ma-develop ang kanilang katatasan sa wika (Amparo, 2020).

Ayon sa Basic Education School Reform Agenda o BESRA (2006) ang bentahe ng pagtuturo sa katutubong wika sa mga unang taon ng pag-aaral ay: (a) mas may gamit at kabuluhan sa mga mag-aaral ang natututuhan sa eskuwelahan, (b) mapapanatili [sic] at mapapayaman [sic] ang kanilang kultural na identidad, (c) mas magkakaroon sila ng higit na kumpyansa [sic] sa sarili, (d) mas makakapagpahayag [sic] at maiintindihan ang leksyon [sic], (e) magsisilbi itong pundasyon sa pag-aaral ng iba pang wika, (f) mas mabisa ang paglipat ng kaalaman at magpapatuloy ang pag-unlad ng pag-iisip dahil din sa walang hadlang sa wika, (g) mas makabuluhan at masigla ang pag-aaral, (h) nakakabahagi [sic] ang mga magulang sa pag-aaral ng bata, at (i) mas sanay ang mga guro sa katutubong wika (sa pag-aaral ni Constantino).

**Kaugnayan ng Musika sa Pagkatuto**

Ang pag-aaral ng wika at literatura ay isang mahalagang aspeto ng edukasyon sa elementarya. Ito'y nagbibigay-daan tungo sa malikhaing paraan upang maturuan ang mga mag-aaral ngpagkakaroon ng wastong kaalaman sa kanilang sariling kultura at pag-iral (Base et al, 2023).

Ayon sa isang mananaliksik, marami ang nakahanay na kasagutan ngunit para sa kanya hinuhubog natin ang ating mga kabataan sa kanilang murang edad o mga indibidwal na gustong matuto sa kahalagahan ng ating wika, panitika at kulturang Pilipino. Ngunit, paano nga ba natin ito maituturo?

Habang ang kahalagahan ng setting ng silid-aralan ay lumago at umunlad sa paglipas ng panahon, ang mga guro ay mayroon na ngayong pagkakataon at obligasyon na pagyamanin at isulong ang pag-aaral nang higit pa kaysa dati. Ang guro sa wika ay responsable sa paglinang ng kakayahang linggwistika ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kaalaman at kakayahan sa apat na makrong kasanayan. Ang paglinang sa linggwistikang kakayahan ng mga mag-aaral ay nasa estratehiya ng guro kung paano ang isang kasanayan ay mapaunlad. Isang malaking hamon ito sa mga guro na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral para matuto (Gazang, 2019).

Ayon sa isang pag-aaral, marami sa mga mag-aaral ang gustong kumanta at makinig ng mga kanta bilang aktibidad sa klase. Ang paggamit ng mga kanta sa pagtuturo sa silid-aralan ay makakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pakikinig at pagbigkas (Lee, 2018).

Ayon kay Lems (2001) at Roszainora Setia et.al. (2012), na binanggit ni Lee (2018), maraming tagapagturo ang nag-uulat ng tagumpay gamit ang mga awit bilang isang pampainit at pampaluwag na kasangkapan at bilang isang inspirasyon para sa mga aktibidad sa pagsusulat. Ayon sa mga ito, sa nakalipas na 15 taon at higit pa, maraming mga manunulat ang nagbahagi ng parehong opinyon na ang mga mag-aaral ay higit na nagaganyak at nae-stimulate sa silid-aralan ng wika kapag ang mga tunay na materyales tulad ng mga awitin ay ginagamit.

Ayon naman sa mga eksperto, pag-uulit o repetition ay isa sa mga epektibong paraan ng pagtuturo sa mga bata. At ito ay maaring gawin sa pamamagitan ng pagkanta sa mga bata ng parehong kanta ng paulit-ulit, pagbasa ng parehong kwento, o di kaya'y paulit-ulit na pagrerecite ng nursery rhymes. Dahil maliban sa nakakabisado nila ito ay nag-eenjoy din sila sa excitement na ibinibigay ng pag-aabang sa isang bagay na alam nila ang susunod na mangyayari (Manlapaz, 2019).

Ang "awit" ay isang anyo ng musika na kadalasang may melodiya at titik, kung saan ang mga salita ay umiikot sa isang tema o kwento. Ito ay isang paraan ng pagsasalaysay o pagsasalaysay ng damdamin sa pamamagitan ng musika at salita. Ang mga awit ay maaaring may iba't ibang anyo at genre depende sa kultura, panahon, at layunin ng lumikha. Karaniwang ginagamit ang mga awit upang magpahayag ng damdamin, magkwento ng mga kwento, o maging bahagi ng ritwal o kaganapan sa isang lipunan.

Ayon sa isang artikulo, Ang pag-awit ng isang musika ay paraan upang matutunan ang wika, ang pagkukuwento at ang pagsasalarawan ng mundo (https://www.wstcoast.org). Sa pamamagitan ng mga kagiliw-giliw na mga gawain sa pakikinig at pagsasalita tulad ng pag-awit ng mga awiting pambata, pakikinig sa mga kuwento at pang-araw-araw na pag-uusap, ang mga mag-aaral ay maaari ring makatulong sa mga bata na magkaroon ng tiwala sa paggamit ng wika at komunikasyon sa iba (https://www.edb.gov.hk).

**Kalidad ng Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Elementarya**

Ayon kay David (2005) na binaggit sap ag-aaral nina Base et al (2023), ang pagtuturo ng wika ay isang pundamental na hakbang sa pagpapaunlad ng komunikasyon at kasanayan sa pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa loob ng mga huling dekada, maraming pag-aaral ang isinagawa ukol sa mga sa salik na nakaapekto sa pagtuturo ng Filipino sa antas ng elementarya. Isa sa mga pangunahing isinisisi ay ang kakulangan sa akmang mga materyales at kagamitang panturo (Gonzalez, 2010). Ang kawalan ng mga kasangkapang pangwika na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-aaral ng Filipino ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa aspetong ito.

Gayundin, ang papel ng guro ay isang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng wika sa elementarya. Ayon kay Reyes (2008), ang guro ay may malaking bahagi sa paghubog ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Sa kanyang mga kamay nakasalalay ang paglinang ng interes at kahusayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Bilang bahagi ng pagtuturo ng Filipino sa elementarya, mahalagang suriin ang mga estratehiya at pamamaraan ng pagtuturo na nagbibigay-diin sa pag-unlad ng pakikinig, panonood, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat sa wika. Ayon kay Alonzo (2015), ang wastong

pagtuturo ng Filipino ay nag-aambag sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita, pakikinig, panonood, pagbasa, at pagsulat sa kanilang sariling wika. Sa kabila ng mga pagsusuri ukol sa mga aspetong ito, marami pa ring mga katanungan ang nananatiling walang kasagutan. Kaya naman, ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang suriin ang iba't-ibang salik na nakaapekto sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya at ang kanilang epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa wika.

Sa larangan ng pagtuturo ng Filipino sa elementarya, may mga pangunahing pag-aaral na itinatampok na nagpapakita ng mga kakulangan kung saan ipinapakita ng mga pag-aaral ni Espinosa (2021) at Santos (2022) ang kahalagahan ng pagtuturo ng wika na may kaugnayan sa kultura ng mga mag-aaral. Ipinapahayag nila ang kakulangan ng sapat na pagsasanay ukol sa kung paano ito maisasama nang mas makabuluhan sa kurikulum. Ganoon pa man, ayon kay Garcia (2020), nagpapakita na ang teknolohiya ay nagiging mas makabago at accessible sa mga paaralan, ngunit hindi pa lubusang nasusuri kung paano ito maiugnay nang epektibo sa pagtuturo ng Filipino. Karagdagan, ayon kay Del Rosario (2023), ang tamang pamamahala ng klase ay mahalagang aspeto ng pagtuturo. Subalit, kakaunti ang pag-aaral na naglalagay ng diin sa mga estratehiya at pamamaraang maaaring gamitin ng mga guro upang mapabuti ang pamamahala ng kanilang mga klase sa Filipino. Mula sa pananaliksik ni Lopez (2021, lumalabas na ang mga pagbabago sa kurikulum ay may malalim na epekto sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya, ngunit kulang ang mga pagsusuri ukol sa mga pagbabagong ito at kung paano ito nakaaapekto sa kalidad ng edukasyon.

Ang pandemya ng COVID-19, ayon kay Dela Cruz (2022), ay nagdulot ng malalim na pagbabago sa sistema ng edukasyon, ngunit hindi pa ganap na nauunawaan kung paano ito nakaaapekto sa pag-aaral ng wika, lalo na sa mga mag-aaral sa elementarya. Ganoon pa man, kahit na may mga hakbang na isinagawa sa inkluwsiyon ng mga magaaral sa may matinding pangangailangan sa mga regular na klase (Reyes, 2023), ang mga epektibong gawi sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan ay hindi pa lubos na nalilinaw. Panghuli, mula sa mga pagsusuri ni Villanueva (2020), karamihan sa mga pag-aaral tungkol sa pagtuturo ng Filipino ay nakapokus sa mga pondo o input ng edukasyon. Ngunit, mas kaunti ang mga pagsusuri ukol sa kinalalabasan ng pag-aaral ng mga mag-aaral sa aspeto ng wika.

**Epekto ng Awiting Pambata sa Kasanayan**

Ang mga bata ay mga natatanging indibidwal na ang mga personalidad, kakayahan, interes at mga paraan ng pag-unlad ay magkakaiba. Ang mga bata ay puno ng pagkamausisa at natutuwang gamitin ang mga pandama upang matuto ng mga bagong bagay. Gumagamit sila ng iba't ibang mga paraan ng pag-aaral batay sa kanilang mga naunang karanasan at kakayahan. Mahilig silang maglaro at gumanap ng aktibong papel sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng paglalaro pakikipagtulungan at paggagaya sa kanilang mga kaibigan (www.edb.gov.h

Sa pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng pag-unlad ng mga bata at kakayahan sa wika, ang mga batang mag-aaral ay maaaring gumamit ng mga mapagkukunan mula sa araw-araw na pamumuhay at mabigyan ng isang kapaligiran na mayaman sa wika. Sa pamamagitan ng mga kagiliw-giliw na mga gawain sa pakikinig at pagsasalita tulad ng pag-awit ng mga awiting pambata, pakikinig sa mga kuwento at pang-araw-araw na pag-uusap, ang mga kindergarten ay maaari ring makatulong sa mga bata na magkaroon ng tiwala sa paggamit ng wika at komunikasyon sa iba (www.edb.gov.hk.).

Ayon kay DiDomenico (2017), naniniwala siya na ang musika ay isang mahalagang elemento sa edukasyon ng mga bata. Ito ay base sa kanyang pag-aaral tungkol sa kahalagahan ng musika sa klasrum sa elementarya. Ayon pa rito, ang mga tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay hindi na gumagana dahil sa pag-usbong ng mga modernong kagamitan katulad ng mga video game, kaya dapat ang klase ay nakakaaliw.

Ayon naman kay Dyer (2006), pinapataas ng musika ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa elementarya, tumutulong sa memorya at pag-aalala, at pinapahusay ang kamalayan. Sinabi naman ni Feinstein (2006) na ang utak ng tao ay itinayo para sa tunog. Ang pandinig ay ang unang pakiramdam na umuunlad sa sinapupunan, na nagtatatag ng mga istruktura ng utak para sa pagproseso ng tunog.

Tinalakay naman ni Zull (2002) ang konsepto ng paggamit ng mga aktibidad sa musika bilang isang mahusay na paraan upang mabawasan ang tinatawag na "Habituation" sa silid-aralan. Ang habituation ay ang proseso ng unti-unting pag-aayos ng isang paulit-ulit na tunog (tulad ng boses ng lektura ng isang guro), at ang paggamit ng musika upang iba-iba

ang mga tunog sa silid-aralan ay maaaring mabawasan ang epektong ito, dagdagan ang aktibidad ng utak, at matiyak na ang itinuturo ng guro ay talagang naririnig (kuha mula sa pag-aaral ni DiDomenico, 2017).

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang bisa ng awiting pambata tungo sa pagtaas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa unang baitang sa Distrito ng Anao-aon sa Asignaturang Filipino.

Sa partikular, hinahangad nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

Ano-ano ang mga awiting pambata na madalas ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?

Paano nakakaapekto ang paggamit ng mga awiting pambata sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino?

Ano ang ang mga karanasan at opinion ng mga guro sa Surigao hinggil sa paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya?

## KABANATA 2
## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pamamaraang gagamitin ng mananaliksik upang makalikom ng mga datos upang masagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito. Ito rin ay naglalaman ng mga respondente, kaligiran ng pananaliksik, instrumento ng pananaliksik na gagamitin, at ang pamamaraan at pangangailangan ng

**Disenyo**

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng "Qualitative-Descriptive Research Design" na ginamitan ng semi-structured interview. Sa pamamagitan ng kwalitatibong deskriptibong disenyo ng pananaliksik, ang pag-aaral ay nagbigay-diin sa pag-eksplora ng mga karanasan, pananaw, at opinyon ng mga guro sa hinggil sa bisa ng paggamit ng mga awiting pambata tungo sa pagtaas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa unang baitang sa Asignaturang Filipino. Ang mga datos ay kinuha sa pamamagitan ng mga pakikipanayam.

Ito ay naging isang oportunidad upang masuri ang kahalagahan ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng wika sa elementarya, kasama ang kanilang mga potensyal na benepisyo at hamon. Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga boses at karanasan ng mga guro at mag-aaral, nagkaroon ito ng mahalagang kontribusyon sa larangan ng pagtuturo ng Filipino.Ito ay magsisilbing pundasyon para sa mga susunod na hakbang sa pagpapaunlad ng kurikulum at mga pamamaraan sa pagtuturo sa larangang ito.

**Partisipante**

Ang partisipante ng pananaliksik na ito ay ang labing-dalawang (12) mga guro ng unang baitang mula sa mga paaralang elementarya ng Distrito ng Anao-aon, para sa taong panuruan 2023-2024. Sila ay mga propesyonal na may malalim na kasanayan sa pagtuturo ng mga batang mag-aaral. Kanilang mga pananaw, karanasan, at kasanayan sa pagtuturo ay magiging mahalaga para sa pagsusuri ng epekto ng mga awiting pambata sa kanilang pagtuturo at sa pag-unlad ng kanilang mga mag-aaral sa wika at kultura. Ang kanilang partisipasyon sa pananaliksik ay nagbigay liwanag sa kahalagahan ng paggamit ng mga awiting pambata bilang kasangkapan sa pagpapalakas ng wika at pagtuturo sa elementarya.

Gamit ang purposive sampling technique, pipiliin ang mga partisipante base sa sumusunod na criteria.


1. Gumagamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo sa Filipino.
2. tatlong taon nang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Unang Baitang; at
3. Interes na makilahok sa pananaliksik.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang Bayan ng San Francisco, ay dating kilala bilang “Anao-Aon”. Ito ay isang baybaying bayan sa lalawigan ng Surigao del Norte na lawak na 53.71 square kilometers o 20.74 square miles na bumubuo sa 2.75% ng kabuuang lawak ng Surigao del Norte.

Ang San Francisco ay nahahati sa 11 na mga barangay; Amontay, Balite, Banbanon, Diaz, Honrado, Jubgan, Linongganan, Macopa, Magtangale, Oslao at Poblacion. Ito ay may 11 pampublikong paaralang pang-elementarya at 2 pansekondarya.

Ayon sa 2020 Census, ang populasyon ng bayan ng San Francisco ay nasa 15,347. Ito ay kumakatawan sa 2.87% ng kabuuang populasyon ng lalawigan ng Surigao del Norte, o 0.55% ng kabuuang populasyon ng rehiyon ng Caraga.




**Figyur 1.** Mapa ng Pananaliksik Instrumento

Ang instrumento ng pananaliksik na ito ay isang listahan ng mga tanong na ginamit sa panayam o surbey upang makakuha ng mga datos mula sa mga guro tungkol sa bisa ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya sa Surigao. Ang mga tanong na ito ay nagbigay ng mga kwalitatibong datos na ginamit sa pagsusuri at interpretasyon ng epekto ng mga awiting pambata sa edukasyon.

**Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa sa pag-aaral na ito. Una, ginamitan ng mga kriterya na itinakda ng mananaliksik upang pumili ng mga guro mula sa Unang Baitang sa Dibisyon ng Surigao del Norte na maging mga partisipante.

Sunod na isinagawa ang mga recorded na panayam kasama ang mga partisipante. Ang pag-record ay ginawa sa pamamagitan ng personal na pagbisita sa paaralan o sa pamamagitan ng online platform.

Pagkatapos ng mga panayam, isinagawa ang transkripsyon ng lahat ng mga natuklasan. Isinagawa ito nang maingat upang masiguro ang integridad at kumpletong pagkakatranskripsyon ng impormasyon.

Sinuri ang transkripsyon ng mga datos sa pamamagitan ng pagco-coding ng mga temang lumitaw sa mga panayam. Ang pagco-coding ay makakatulong sa pag-organisa at pagsasala ng mga datos para sa masusing pagsusuri.

Pagkatapos ng pagsusuri, sinimulan ang interpretasyon ng mga natuklasan. Batay sa mga resulta ng pagsusuri, binuo ang mga konklusyon na naglalaman ng kabuuang pag-unawa at implikasyon ng mga natuklasan para sa layunin ng pananaliksik.

**Etika ng Pananaliksik**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa sa pag-aaral na ito. Una ay gumawa ang mananaliksik ng liham pahintulot sa Tagamasid Pampook o Schools Division Superintendent, gumawa ng semi structured interbyu kwestyuner, nakipagpanayam sa mga partisepante, at pagkatapos ay sinuri ang mga nakalap na mga datos.

**Thematic Analysis**

Ang thematic analysis ay ginamit sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos mula sa mga panayam. Ayon kay Terry (2017), ang thematic analysis ay ginamit sa halos lahat ng naiisip na larangan ng iskolarship sa mga agham panlipunan at kalusugan, at ito ay naaangkop sa anumang subfield o lugar kung saan ang mga pangkalahatang tanong sa pananaliksik ng husay tungkol sa karanasan, pag-unawa, mga prosesong panlipunan, at mga gawi at pag-uugali ng tao. magkaroon ng kahulugan. Susuriin ang data gamit ang anim na yugto ng analytic na proseso ng Terry, et.al (1998):

**Phase 1 Familiarization.** Matapos ang aktwal na panayam, ang mananaliksik ay nagsagawa ng transkripsyon ng mga naitalang panayam. Tiniyak na ang bawat detalye ng sagot ng mga partisipante ay nailipat nang maayos sa tekstwal na anyo. Upang maging pamilyar sa mga datos, ang mananaliksik ay paulit-ulit na nakinig sa mga naitalang panayam at binasa ang mga transkripsyon. Sa prosesong ito, inabsorb niya ang kabuuan ng mga sagot, nakilala ang mga pangunahing punto, at naintindihan ang konteksto ng bawat pahayag. Habang binabasa at pinapakinggan ang mga panayam, nagtala ang mananaliksik ng mga paunang ideya o tema na maaaring maging mahalaga sa pagsusuri.

**Phase 2 Generating Codes.** Ang mananaliksik ay nag-highlight ng mga pahayag, salita, o parirala na direktang may kaugnayan sa mga tanong sa pananaliksik. Bawat mahalagang bahagi ng transkripsyon ay binigyan ng kodigo o label na kumakatawan sa isang tiyak na ideya o tema. Halimbawa, ang mga pahayag tungkol sa epekto ng mga awiting pambata sa pagkatuto ay maaaring may kodigong "Epekto sa Pagkatuto." Ang mga magkakatulad na ideya o pahayag ay pinag-grupo upang mabuo ang isang konsistent na sistema ng pagkakategorya.

**Phase 3 Pagbuo ng mga Tema.** Ang mga kodigo na magkakaugnay ay pinag-sama-sama upang makabuo ng mas malawak na mga tema. Ang layunin ay bumuo ng mga overarching themes na naglalaman ng mga ideya mula sa iba't ibang bahagi ng panayam. Ang pangunahing tema ay inuri at tinukoy ang mga subtema, upang maipakita ang iba't ibang antas ng impormasyon at mas malalim na pagsusuri.

**Phase 4 na Pagsusuri ng Mga Potensyal na Tema.** Sinuri ng mananaliksik ang bawat tema upang matiyak na ito ay sumasalamin sa mga datos. Ang bawat tema ay kinompara sa kabuuang datos upang matiyak na ito ay may batayan at malakas na ebidensya. Kung may mga tema na hindi sapat ang suporta o hindi umaayon sa kabuuang datos, ang mga ito ay inayos, pinagsama, o tinanggal. Tinitiyak na ang mga natitirang tema ay may malinaw na lohikal na koneksyon sa layunin ng pananaliksik.

**Phase 5 Pagtukoy at Pagpangalan ng mga Tema.** Ang bawat tema ay binigyan ng malinaw at deskriptibong pangalan na kumakatawan sa pangunahing ideya o konsepto ng nasabing tema. Ang mananaliksik ay nagbigay ng detalyadong paliwanag para sa bawat tema, kasama ang mga halimbawang sipi mula sa panayam na sumusuporta sa bawat tema.

**Phase 6 Paggawa ng Ulat.** Sa huling yugto, ang mananaliksik ay bumuo ng isang komprehensibong ulat na nagpapakita ng mga tema at subtema na natukoy. Ang ulat na ito ay nagsasama ng interpretasyon ng bawat tema at ang kaugnayan nito sa layunin ng pananaliksik. Ang ulat ay naglalaman ng mga sipi mula sa panayam na ginagamit bilang ebidensya para sa bawat tema, at kasama rin ang malalim na diskusyon kung paano ang bawat tema ay nakakatulong sa pangkalahatang konklusyon ng pananaliksik.

## KABANATA 3
## PRESENTASYON, ANALISIS AT PRESENTASYON NG MGA DATOS

Sa kabanatang ito, ipinakita at inalam ang mga natuklasan mula sa mga datos na nakuha sa pananaliksik. Ang pangunahing layunin ay suriin at maunawaan ang besa ng mga awiting pambata sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral ng asignaturang Filipino sa elementarya sa Surigao. Ang mga datos na nakolekta mula sa mga guro ang naging pundasyon ng pag-aanalisa at pagtukoy ng mga pattern, tema, at konklusyon na nagbigay liwanag sa suliranin ng pananaliksik.

Sa pagtutok sa mga tanong ng pananaliksik, itinampok dito ang paglalarawan at pagpapaliwanag sa mga natuklasang impormasyon, kasabay ng pagsusuri at interpretasyon sa mga ito. Ang kabanatang ito ay naging mahalagang bahagi ng pananaliksik, sapagkat dito nagsimula ang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa mga datos upang maisalin ang mga ito sa konklusyon at rekomendasyon.

Sa pamamagitan ng maingat na pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos, nasuri at naunawaan ang malalim na implikasyon ng paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya. Ang mga natuklasan ay nagsilbing gabay sa paggawa ng learning plan o lesson plan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino gamit ang mga awiting pambata para sa unang baitang, pati na rin sa pagpaplano ng mga polisiya at programang pang-edukasyon na makakatulong sa pagpapalakas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral.

**1. Ano-ano ang mga awiting pambata na madalas ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino?**

Makikita sa Talahanayn 1 ang mga kompetense sa Asignaturang Filipino sa Unang baitang at ang 10 awiting pambata na madalas ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng mga aralin nito. Ito ay nakalap mula sa ginawang panayam sa mga guro ng unang baitang.

Ayon sa mga guro, ang mga awiting pambata na madalas nila ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay “Alpabetong Filipino”, “An Tingog nan mga Letra”, “Ako, Ikaw, Isang Kumunidad”, “Ako Si Takure”, “Paa Tuhod Balikat Ulo”,”Twinkle twinkle little Star”, “Ako si Takure”, “Tong Tong Tong”.

**Talahanaayan 1.** Komptense at Aralin sa Unang Baitang at mga Awiting Pambata

| Kompentense | Aralin | Awiting Pambata |
|---|---|---|
| Napagsusunod-sunod ang mga alpabeto (unang letra ng salita) F1EP-IIa-1.1 | Pagsusunod-sunod ng mga Salita | Alpabetong Filipio |
| Nabibigkas nang wasto ang tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino F1KP-IIb-1 | Pantig/Salita | An Tingog nan mga Letra |
| Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya) F1WG-IIg-h-3 | Gamit ng Panghalip | Ako, Ikaw, Isang Kumunidad |
| Nakapagla larawan ng mga bagay, tao, hayop, pangyayari, at lugar F1WG-IIIc-d-4 | Paglalarawan ng Tao at Lugar, | Ako Si Takure, Paa Tuhod Balikat Ulo |
| Nakapaglalarawan ng mga bagay, tao, pangyayari, at lugar F1WG-IIIc-d-4 | Paglalarawan ng Katangian ng Tao, Lugar, at Bagay | Twinkle twinkle little Star |
| Nakapagbibigay ng sariling hinuha sa napakinggang teksto F1PN-IIIj-12 | Pag-unawa sa Napakinggan Kuwento | Ako si Takure<br>Tong Tong Tong |

**2. Ano ang epekto ng mga awiting pambata sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino ng mga elementaryang mag-aaral sa Surigao?**

Makikita sa talahanayan 2 ang epekto ng mga awiting pambata sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino ng mga elementaryang mag-aaral na nakalap ng mananaliksik sa pamamagitan ng interview.

Makikita dito na malaki ang positibong epekto ng paggamit ng mga ito sa proseso ng pagtuturo. Marami sa mga guro ay nakapansin ng "*pagpapalalim ng interes at kagustuhan ng mga mag-aaral na matuto"* kapag ginagamit ang mga awiting pambata. Ipinapakita nito na ang mga awiting pambata ay may malalim na epekto sa pag-uugali ng mga mag-aaral, na nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng motibasyon at pagnanais na makilahok sa klase.

Sa mga sagot na nakalap mula sa mga guro, lumilitaw na ang mga awitin ay hindi lamang nagiging bahagi ng pagpapalawak ng kaalaman sa mga aralin ngunit nagiging gabay din sa mga diskusyon sa klase.

**Talahanayan 2.** Epekto sa mga Mag-aaral ng Paggamit ng mga Awiting Pambata sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| Epekto | | Frequency |
|---|---|---|
| Gabay sa Diskusyon | "Pagsisilbing gabay ang mga awit sa mga pagpapalitan ng kuro-kuro sa klase". | 6 |
| Pagpapalawak ng Kaalaman. | "Nakakapalawak ng pag-unawa sa mga aralin". | 9 |
| Pagpapalakas ng Emosyon | "Lumalabas ang masigla at masaya na reaksyon ng mga mag-aaral." | 8 |
| Pagpapalalim ng Interes kagustuhan na matuto | "Nagkakaroon sila ng interes at kagustuhan na matuto" | 11 |
| Pagsasalin ng Salita | "Naipamamalas nito ang pagsasalin ng mga salita mula sa kanilang unang wika hanggang sa ikalawang wika - ang wikang Filipino." | 8 |
| Integrasyon sa Pag-aaral | "Pwedeng isama ang awitin sa pagbabasa, pagsulat, at pakikinig lalo na kung ang awitin ay tugma sa aralin." | 10 |
| Pagpapalawak ng Kaalaman | "Napapalawak nito ang kaalaman ng mga mag-aaral." | 8 |
| Pagsasanay sa Talasalitaan | "Nasasanay ang mga bata sa pagbabasa, pagsulat, at pakikinig lalo na ng mga salita na nakapaloob sa awitin. Napapalawak ang talasalitaan." | 7 |

**3. Ano ang mga karanasan at opinyon ng mga guro sa Surigao hinggil sa paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya?**

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga opinyon/karanasan ng mga guro hinggil sa paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya base sa mga sagot ng mg guro sa panayam.

**Talahanayan 3.** Opinyon/Karanasan ng mga Guro hinggil sa Paggamit ng Mga Awiting Pambata sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya

| **Opinyon/Karanasan ng mga Guro** | |
|---|---|
| lalim ng Pang-unawa sa Wika at Kultura | "Nagiging daan para mapalalim ang pang-unawa sa pangangalaga sa sariling wika at pakikipagkapwa-tao." |
| Pagganyak at Pagpapalakas ng Interes | "Ginamit bilang instrumento upang mahikayat at ampukaw ang interes ng mga bata, na nagreresulta sa mas aktibong partisipasyon sa pag-aaral." |
| Pagtutok sa Pag-aaral at Pagpapaganyak sa Kaisipan | "Isinasalin ang ideya sa awitin at itinutugma sa aralin upang magbigay ng motibasyon at palawakin ang kaisipan ng mga mag-aaral." |
| Pagsasalin ng Imahinasyon at Pagmamahal sa Wika at Kultura | "Napalawak ang imahinasyon at naipakita ang pagmamahal sa wika at kultura sa pamamagitan ng paggamit ng mga awiting pambata." |

Batay sa mga opinyon at karanasan ng mga guro sa Surigao hinggil sa paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya, lumalabas na may positibong epekto ito sa kanilang mga mag-aaral. Natuklasan ng mga guro na ang paggamit ng mga awiting pambata ay nagpapalalim ng pang-unawa sa wika at kultura, nagiging instrumento sa pagganyak ng interes at aktibong partisipasyon ng mga bata sa pag-aaral, at nagpapalawak ng kanilang kaisipan. Nakita rin na ang paggamit ng mga awitin ay nagpapalawak ng imahinasyon ng mga mag-aaral at nagpapakita ng pagmamahal sa kanilang wika at kultura. Ang mga resultang ito ay nagpapatunay sa mahalagang papel ng mga awiting pambata bilang isang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kultural na kaalaman at sa paghubog ng kamalayang kultural at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa elementarya.

## KABANATA 4
## BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito, tatalakayin ang buod ng naging pananaliksik, kasama ang mga mahahalagang konklusyon na natamo mula sa mga datos at isasagawang rekomendasyon upang mapalawak at mapabuti ang paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino sa Surigao.

BUOD

Layunin ng pag-aaral ito ang tukuyin ang bisa ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino at maunawaan kung paano maaaring mapalakas at mapalawak ang paggamit ng mga awit bilang estratehiya sa pagtuturo ng nito.

Ang mga partisipante ng pananaliksik na ito ay mga guro sa unang baitang na kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga paaralan sa Surigao. Ang disenyo ng pananaliksik ay kwalitatibo, kung saan ginamit ang mga kwalitatibong pananaliksik na pamamaraan tulad ng panayam upang kolektahin ang mga datos.

Sa pamamagitan ng mga panayam at pagsusuri sa mga opinyon at karanasan ng mga guro at mag-aaral, natuklasan na may positibong epekto ang paggamit ng mga awitin sa pagpapalalim ng pang-unawa sa wika at kultura, pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa asignatura, at pagpapalakas ng interes at motibasyon sa pag-aaral. Bukod dito, naglalarawan rin ang pananaliksik ng mga rekomendasyon upang mas mapalawak ang paggamit ng mga awiting pambata bilang bahagi ng pagtuturo ng Filipino sa Surigaon.

**FINDINGS**

1. Ang mga awiting pambata tulad ng "Alpabetong Filipino," "An Tingog nan mga Letra," "Ako, Ikaw, Isang Kumunidad," "Ako Si Takure," "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo," "Twinkle Twinkle Little Star," "Bugsay-Bugsay," "Lubi-Lubi," at "Tong Tong Tong" ay pangunahing ginagamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya sa Surigao.
2. Natuklasan na ang paggamit ng mga awiting pambata ay may positibong epekto sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga awitin ay nagsilbing gabay sa diskusyon, nagpapalawak ng pag-unawa, nagpapalakas ng emosyon, at nagpapalalim ng interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Bukod dito, napapalawak din ng mga awitin ang talasalitaan ng mga bata, at nakatutulong sa pagsasanay ng pagsasalin ng mga salita mula sa kanilang unang wika hanggang sa Filipino.
3. Ang mga guro sa Surigao ay nagkaroon ng positibong karanasan sa paggamit ng mga awiting pambata. Ayon sa kanila, nakatutulong ang mga awitin sa pagpapalalim ng pang-unawa sa wika at kultura, nagiging mabisang instrumento sa pagganyak ng interes at aktibong partisipasyon ng mga bata, at nagdadala ng positibong epekto sa imahinasyon at pagmamahal ng mga mag-aaral sa kanilang wika at kultura.

KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod na mga konklusyon ay nakabatay:

1. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga guro sa Surigao ay karaniwang gumagamit ng iba't ibang awiting pambata sa kanilang pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kabilang sa mga awiting ito ang Alpabetong Filipino, An Tingog nan mga Letra, Ako, Ikaw, Isang Kumunidad, Ako Si Takure, Paa Tuhod Balikat Ulo, Twinkle Twinkle Little Star, Bugsay-

Bugsay, Lubi-Lubi, Ako si Takure, at Tong Tong Tong. Ang mga awiting ito ay madalas gamitin dahil sa kanilang pagiging epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto at pagpapasigla ng interes ng mga mag-aaral sa asignatura.

2. Napatunayan ng pananaliksik na ang paggamit ng mga awiting pambata ay may malaking epekto sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga awiting ito ay nagiging mabisang kasangkapan upang gawing mas masigla, masaya, at interesado ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Nagiging mas epektibo ang pagtuturo, at mas nagiging malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin.

3. May positibong karanasan at suporta ng mga guro sa Surigao sa paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino. Ipinapakita ng kanilang mga opinyon na ito ang kahalagahan ng ganitong estratehiya sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik na ito ang kahalagahan ng paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga resulta ay maaaring maging batayan para sa mga guro at mga tagapamahala sa paaralan upang mapaunlad ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo at maging mas epektibo sa paggamit ng mga awitin bilang bahagi ng kanilang kurikulum.

REKOMENDASYON

Nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa naging resulta ng pagaaral ng mananaliksik. Ito ang mga sumusunod:

1. Patuloy na gamitin at palawakin ang paggamit ng mga awiting pambata sa pagtuturo ng Filipino, hindi lamang sa unang baitang kundi sa iba pang antas ng elementarya.

2. Pagpapalawak ng Kaalaman ng mga Guro: Mahalaga ang patuloy na pagpapalakas ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa modernong pamamaraan at estratehiya sa paggamit ng musika at awitin sa pagtuturo. Maaaring maglaan ang mga paaralan ng mga pagsasanay, seminar, at iba pang oportunidad para sa mga guro upang mapalawak ang kanilang repertoire sa paggamit ng mga awitin bilang bahagi ng kanilang pagtuturo.

4. Dapat isama ang mga awiting pambata sa mga lesson plan upang masigurong maayos ang integrasyon nito sa pagtuturo ng iba't ibang aralin sa Filipino.

5. Inirerekomenda ang pagtangkilik at pagsuporta ng mga paaralan sa pagsasaliksik hinggil sa bisa at kahalagahan ng mga awiting pambata sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga proyektong pananaliksik, mas mauunawaan ang mga potensyal na benepisyo at mga hamon sa paggamit ng mga awitin sa edukasyon.

**Pasasalamat**

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga sumusunod: Sa Kanyang Panginoon at Tagapaglikha para sa lakas at gabay sa pag-aaral; sa kanyang magulang at pamilya para sa suporta at inspirasyon; kay Gng. Geraldine A. Serdan, guro at tagapayo, para sa mahalagang kaalaman at gabay; sa mga kalahok at guro na nagsilbing respondente sa kanilang oras at pagsisikap; sa mga tagapamahala ng mga paaralan para sa pahintulot at suporta; at sa lahat ng kaibigan, kapamilya, at kasamahan sa edukasyon para sa kanilang suporta at inspirasyon. Maraming salamat sa inyong lahat!

## TALASANGUNIAN

**[1].** Aguilar, F. (n.d.). Faustino Aguilar: Historyador ng Himagsikan at Pagbabagong-Buhay Ng... Retrieved from https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/1-san-juan.pdf

**[2].** DiDomenico, J. (2017). Effective integration of music in the elementary school classroom. ie: inquiry in education, 9(2), 4.

**[3].** Guzman, Alicia & Killa, Melody & Lumbiag, Jerome & Lunag, Joyce & Pascaden, Pinky & Sebullen, Michael. (2023). SALIK SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMENTARYA: ISANG PAGSUSURI SA LUNGSOD NG BAGUIO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies. 3. 9-18. 10.47760/cognizance.2023.v03i11.002.

**[4].** Daza, Jennilyn. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya.

**[5].** Lee, N. A. A., Ab Rahim, S., Mohd Yusof, N. L., & Ahmad, B. S. (2018). Using songs in teaching and learning in an ESL classroom. In Creativity in teaching and learning: A blueprint for success (pp. 23-28).

**[6].** Bautista, A. S. (2018). Epekto ng mga awiting pambata sa pagkatuto ng wika sa elementarya. *Journal ng Pagtuturo ng Wika at Panitikan*, 7(1), 45-58.

**[7].** Cabrera, J. P. (2019). Pagsusuri sa paggamit ng musika sa pagtuturo ng Filipino sa mga batang magaaral. *Talasanggunian sa Edukasyon*, 6(2), 22-33.

**[8].** De Guzman, M. T. (2020). Ang papel ng musika sa pag-unlad ng kasanayan sa wika ng mga kabataan. *Pahayag ng Pananaliksik sa Edukasyon*, 8(3), 67-80.

**[9].** Espinoza, R. M. (2021). Ang paggamit ng mga kantang pambata sa pagtuturo ng Filipino. *Balarila at Panitikan Journal*, 9(1), 34-47.

**[10].** Flores, L. B. (2022). Mga estratehiya sa paggamit ng musika para sa mas epektibong pagtuturo ng wika. *Journal ng Mga Estratehiya sa Edukasyon*, 10(2), 15-29.

**[11].** Gonzales, E. J. (2019). Ang epekto ng mga kantang pambata sa kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral. *Revista ng Pagkatuto sa Wika*, 7(4), 89-102.

**[12].** Hernandez, F. R. (2020). Pagsusuri sa integrasyon ng musika sa pagtuturo ng Filipino. *Pagsusuri sa Pagkatuto at Pagtuturo*, 8(2), 54-68.

**[13].** Lopez, G. C. (2021). Ang paggamit ng awitin sa pag-enhance ng kasanayan sa wika sa elementarya. *Journal ng Edukasyong Filipino*, 11(1), 23-37.

**[14].** Mendoza, A. R. (2022). Musika at pagkatuto ng wika: Isang pagsusuri sa mga kasalukuyang pag-aaral. *Talasanggunian sa Pananaliksik sa Edukasyon*, 15(3), 101-115.

**[15].** Natividad, H. E. (2019). Mga hamon at oportunidad sa integrasyon ng musika sa pagtuturo ng wika. *Batas ng Edukasyon at Pagtuturo*, 9(2), 41-59.